# Mga Pag-aayos Operasyon sa 2020 Senso Dahil sa COVID-19

Paparating na ang ang 2020 Senso at tumutugon araw-araw ang higit pang mga sambahayan sa buong America. Ang mga online, sa pamamagitan ng telepono, at ipinadalang sariling pagsagot ay magpapatuloy sa buong proseso ng pagkolekta ng data. Dahil sa biglaang pagkalat ng COVID-19, inaayos ng Kawanihan ng Senso ng U.S. ang mga operasyon sa 2020 Senso upang:

- Protektahan ang kalusugan at kaligtasan ng publiko sa Amerika at ng mga empleyado ng Kawanihan ng Senso.
- Ipatupad ang patnubay mula sa pederal, pang-estado (state) at lokal na mga awtoridad tungkol sa COVID-19.
- Siguraduhin ang kumpleto at wastong bilang ng lahat ng komunidad.

Sa ilalim ng inayos na plano ng operasyon para sa 2020 Senso, magsisimula ang mga aktibidad sa field pagkatapos ng Hunyo 1, 2020, sa simula ng pagbabalik ng mga opisina ng lugar ng senso (area census offices) sa pagkakaroon ng buong kapasidad ng mga tauhan. **Ang mga personal na aktibidad, kabilang ang pagbibilang, gawain sa opisina at mga aktibidad ng pagproseso, ay isasama ang pinakabagong patnubay mula sa mga awtoridad upang masiguro ang kalusugan at kaligtasan ng mga tauhan at ng publiko.**

| Aktibidad/Operasyon | Orihinal na Iskedyul | BINAGONG ISKEDYUL |
|---|---|---|
| **Yugto ng Sariling Pagsagot**<br>Ang mga online, sa pamamagitan ng telepono, at ipinadalang sariling pagsagot ay magpapatuloy sa buong proseso ng pagkolekta ng data. | Marso 12–Hulyo 31 | Marso 12–Oktubre 31 |
| **Mga Grupong Tirahan (e-Response at Papel na Pagbibilang)**<br>Maraming grupong tirahan ang nakapagsimula na sa pagsagot sa pamamagitan ng opsyon sa pagbibilang na e-response. | Abril 2–Hunyo 5 | Abril 2–Setyembre 3 |

Makipag-ugnayan sa amin:
**@uscensusbureau**

Para sa higit pang impormasyon:
**2020CENSUS.GOV**

**Shape your future START HERE >**

United States® Census 2020

D-FS-GP-EN-022 Abril 13, 2020

| Aktibidad/Operasyon | Orihinal na Iskedyul | BINAGONG ISKEDYUL |
|---|---|---|
| **Malayong Alaska**<br>Maagang operasyon upang maabot ang mga bahagi ng Alaska na maaaring maging mahirap maabot sa huling bahagi ng taon at na ang mga populasyon ay umaalis para sa ibang mga aktibidad. Karamihan sa operasyon ay kukumpletuhin sa orihinal na naiplanong iskedyul, bagaman ang ilang lugar na may mga buong-taong populasyon ay bibilangin kapag ligtas nang gawin ito. | Enero 21–Abril 30 | Pansamantala sa Enero 21–Hunyo 19, ngunit maaaring mangailangan ng higit pang pag-aaral at pag-uugnay |
| **Mga Field Office sa mga Abalang Operasyon**<br>Sisimulan ng mga manager at tauhan ang mga pang-administratibo, pagsasanay, pagpapadala, at sumusuportang aktibidad para sa mga abalang operasyon sa pagkolekta ng data. Kabilang dito ang pagpili at pagtanggap ng tauhan sa field. | Marso 1 | Hunyo 1 |
| **Pag-update Pag-iwan—sa Estado**<br>Mag-iiwan ang mga tagapanayam ng mga imbitasyon upang sumagot at mga papel na palatanungan sa mga pinto ng 5 milyong sambahayan sa estado habang ina-update ang mga address. | Marso 15–Abril 17 | Hunyo 13–Hulyo 9 |
| **Pag-update Pag-iwan—Puerto Rico**<br>Ang Operasyon ng Pag-update Pag-iwan para sa Komonwelt ng Puerto Rico, na tinatayang 1.7 milyong sambahayan, ay hiwalay na pag-uugnayin. | Marso 15–Abril 17 | Nangangailangan ng higit pang pag-aaral at pag-uugnay sa mga panlabas na kasosyo at stakeholder. |
| **Pag-update sa Bilang**<br>Mag-iinterbyu ang mga tagapanayam sa tinatayang 2,000 sambahayan sa malalayong bahagi ng hilagang Maine at timog-silangang Alaska. | Marso 16–Abril 30 | Hunyo 14–Hulyo 29 |
| **Hindi tugon na pag-followup (NRFU)**<br>Personal na mag-iinterbyu ang mga tagapanayam sa mga sambahayan. | Mayo 13–Hulyo 31 | Agosto 11–Oktubre 31 |
| **Personal Pagbibilang sa mga Grupong Tirahan**<br>Ang mga grupong tirahan na nananatiling bahagi ng aming mga pagsusumikap para sa personal na pagbibilang sa mga grupong tirahan ay magsisimula sa Hulyo. | Abril 2–Hunyo 5 | Hulyo 1– Setyembre 3 |

Shape your future START HERE >

United States® Census 2020

| Aktibidad/Operasyon | Orihinal na Iskedyul | BINAGONG ISKEDYUL |
|---|---|---|
| **Pagbilang sa mga Tao Base sa Ikinauukulan ng Serbisyo**<br>Nakikipagtulungan kami sa mga tagapagkaloob ng serbisyo sa mga soup kitchen, masisilungan, at regular na naka-iskedyul na van na tagapaglaan ng pagkain sa mga taong walang tirahan (food van) na bilangin ang mga taong kanilang pinaglilingkuran. | Marso 30–Abril 1 | Nangangailangan ng higit pang pag-aaral at pag-uugnay sa mga panlabas na kasosyo at stakeholder. |
| **Mobile na Tulong sa Palatanungan**<br>Tutulungan ng mga tauhan ng Kawanihan ng Senso ang mga tao sa pagsagot online sa mga lugar kung saan nagtitipun-tipon ang mga tao (mga event, tindahan ng grocery, atbp.). | Marso 30–Hulyo 31 | Nangangailangan ng higit pang pag-aaral at pag-uugnay sa mga panlabas na kasosyo at stakeholder. |
| **Bilang ng mga Taong Nakakaranas ng Kawalan ng Tirahan sa Labas**<br>Bibilangin ng mga tagapanayam ang mga tao sa ilalim ng mga tulay, sa mga parke, sa mga negosyong pinapatakbo sa nang buong gabi, atbp. | Abril 1 | Nangangailangan ng higit pang pag-aaral at pag-uugnay sa mga panlabas na kasosyo at stakeholder. |
| **Pagbibilang ng mga Pansamantalang Lokasyon**<br>Binibilang ng mga tagapanayam ang mga taong nananatili sa mga lugar ng kampo, RV park, marina, at hotel kung hindi sila kadalasang naninirahan sa ibang lugar. | Abril 9–Mayo 4 | Pansamantala sa Setyembre 3–Setyembre 28, ngunit maaaring mangailangan ng higit pang pag-aaral at pag-uugnay. |
| **Ipoproseso ang mga Bilang ng Pagbabahagi**<br>Pagkatapos makumpleto ang mga aktibidad ng pagkolekta, patatakbuhin ng mga eksperto ng Kawanihan ng Senso at pag-aaralan ang kalalabasan mula sa mga programa upang huwag madoble ang mga sagot, pagpapasyahan ang panghuling kalagayan ng yunit ng pabahay, pupunan ang anumang nawawalang data sa yunit ng pabahay sa laki ng sambahayan, at isapinal ang universe na isasama sa file ng bilang ng pagbabahagi. | Hulyo 31, 2020–Disyembre 31, 2020 | Oktubre 31, 2020–Abril 30, 2021 |

| Aktibidad/Operasyon | Orihinal na Iskedyul | BINAGONG ISKEDYUL |
|---|---|---|
| **Iproseso ang Data ng Muling Pagdistrito**<br>Patatakbuhin ng mga eksperto ng Kawanihan ng Senso at pag-aaralan ang mga programa upang punan ang mga nawawalang pandemograpikong data para sa bawat sambahayan, magpatakbo ng nag-iibang programa sa pagkapribado upang masiguro ang pagiging kompedensiyal, at magpapatakbo ng programa para sa talahanayan ara sa bawat paghahatid sa estado (state). | Enero 1, 2021–<br>Marso 30, 2021 | Mayo 1, 2021–<br>Hulyo 31, 2021 |
| **Ihatid ang mga Bilang ng Pagbabahagi sa Pangulo**<br>Ayon sa batas, ihahatid ng Kawanihan ng Senso ang kabuuan ng populasyon ng bawat estado (state), kung saan mapagpapasyahan ang bilang ng mga puwesto nito sa Kapulungan ng mga Kinatawan ng U.S. | Hindi lalampas ng Disyembre 31 | Ihahatid sa hindi lalampas ng Abril 30, 2021 |
| **Ihahatid ng Pangulo ang mga Bilang ng Pagbabahagi sa Kongreso** | Sa loob ng 7 araw ng simula ng lehislatibong sesyon o tinatayang 10-20 araw pagkatapos ng pagtanggap. | Sa loob ng 14 na araw ng pagtanggap. |
| **Ihatid ang mga Bilang ng Muling Pagdidistrito sa mga Estado**<br>Ayon sa batas, ihahatid ng Kawanihan ng Senso ang mga lokal na bilang na kailangan ng bawat estado (state) upang makumpleto ang lehislatibong muling pagdidistrito. | Hindi lalampas ng Abril 1, 2021 | Ihahatid sa hindi lalampas ng Hulyo 31, 2021 |